**DR. ROMMEL B. RODRIGUEZ**
Direktor
Sentro ng Wikang Filipino
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

# Tala ng Editor

Ngayong 2017, muling inihain ng dating presidente at ngayo'y kongresistang si Gloria Macapagal-Arroyo ang House Bill 5091 na naglalaman ng probisyong gamitin ang Ingles bilang wikang panturo mula preschool hanggang sa antas kolehiyo. Ginamit na batayan sa pagbuo ng batas na ito na mahalagang matuto ang mga mag-aaral na Pilipino ng wikang Ingles upang mahasa ang kanilang husay, diumano, sa konteksto ng global at internasyonal na kompetisyon. Malinaw kung gayon, na nakatuon ang mungkahing batas sa pagsabak sa dikta ng internasyonal na batayan at akreditasyon na pangunahing mantra ngayon neoliberal na atake sa sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Isa itong kabalintunaan ng sistema ng edukasyon sa bansa. Mas binibigyang-priyoridad ang interes ng dayuhan, kaysa interes ng sariling mamamayan. At kitang-kita ito sa pagnanais na gawing Ingles ang pangunahing wikang panturo, kahit sang-ayon sa ating konstitusyon na marapat na nililinang ang Filipino bilang wikang pambansa na sakop ang pagtuturo, komunikasyon, at pananaliksik.

Sa kabilang banda, nagpapatuloy din naman ang mga iskolar, manunulat, mananaliksik, estudyante at mga akademiko sa pagsagka sa mungkahing batas na ito at iba pang mga banta na lusawin ang Filipino sa ating kolektibong kamalayan. Isinasagawa ang mga pagsagka sa iba't ibang pamamaraan. Tulad na lamang ng ginagawa ng Tanggol Wika, isang organisasyon ng mga guro at mag-aaral na nabuo dahil sa pagtutol sa CHED Memo 20 Series of 2013 (kung saan inaalis ang mga asignatura sa Filipino at Panitikan sa General Education Program ng mga kolehiyo at unibersidad). Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga pagkilos at diyalogo sa administrasyon ng CHED, ang resulta, kasalukuyang nakabinbin sa Korte Suprema at may Temporary Restraining Order (TRO) sa pagpapatupad ng memo na ito.

Bukod sa mga ganitong pagkilos, sa bahagi naman ng mga institusyong pangwika tulad ng Sentro ng Wikang Filipino, tuloy-tuloy ang pagsaliksik sa mga naunang pag-aaral na isinulat tungkol sa kasaysayan at pag-unlad ng wikang Filipino. Mahalaga ang pagbalik-tanaw sa nakaraan upang matukoy ang mga naging simulain sa pagsulong sa Filipino bilang wikang pambansa at pambansang linggwa frangka ng Pilipinas. Dito humahango ng aral, at gayundin naman ng mga batayang diskurso kung sa papaanong paraan pa higit

na maipapalaganap ang Filipino bilang wikang pambansa na hindi lamang nakabatay sa Tagalog.

Noong nakaraang taon, bilang isa sa mga proyekto ng SWF-UPD, nagsagawa kami serye ng mga panayam sa mga pili at pinagpipitaganang mga akademiko at mananaliksik mula sa iba't ibang disiplina sa UP Diliman. Ang resulta'y isang maikling bidyo-dokumentaryo na pinamagatang *Sa Madaling Salita: Kasaysayan at Pag-unlad ng Wikang Pambansa* na naglalaman ng kanilang mga pananaw, alaala at perspektiba hinggil sa kasaysayan at pag-unlad ng Filipino bilang wikang pambansa. Sa pamamagitan ng materyal na ito, napatunayang epektibong nagagamit bilang wikang panturo at wikang saliksik ang Filipino sa mga disiplina ng ekonomiks, pisika, kasaysayan, arkeoloji, pagpaplanong komunidad, mass media at iba pang mga larangan. Sa huli, naging matibay na pundasyon ang pagbalik-tanaw sa naging ambag ng mga naunang tagapagtaguyod ng Filipino bilang wikang pambansa, partikular ng Unibersidad ng Pilipinas na nanguna sa pagtalima sa bahagi ng konstitusyon ng Pilipinas na naglalaman sa pagsulong ng Filipino bilang wikang pambansa.

Isa pang epektibo at mabungang patunay na lampas na sa usapin ng halaga ang ambag ng wikang Filipino sa sistema ng edukasyon ay ang patuloy na pagbuo at paghango ng mga bagong kaalaman sa larangan ng pampanitikang kritisismo, araling wika, araling kultural, at panunuring panlipunan. Masigasig na sinusuyod ng mga mananaliksik at akademiko ang samu't saring mga paksa gamit ang wikang Filipino sa pagsulat ng kanilang mga pag-aaral. Hanggang patuloy na naipapatagos sa kamalayan kapwa ng mga guro, mag-aaral, administrador ng mga institusyong akademiko, at pangkalahatang mamamayan ang wikang Filipino, hindi na ito mabubura sa ating kolektibong alaala at pambansang danas. Sapat na ang mga binhing sinimulang itanim ng mga naunang tagapagtaguyod ng wikang Filipino upang ngayo'y masagana nating inaani ang resulta na kanilang mga pagsusumikap. Sa huli, ang mga susunod na henerasyon ng ating lahi ang siyang makikinabang sa lahat ng ito. Mapalad tayo sapagkat naging bahagi ang Unibersidad ng Pilipinas sa pagtanaw sa mas maaliwalas na hinaharap.